UnitedHealthcare Community Plan

**Mga pagbabago sa iyong 2022 na Handbook ng Miyembro**

# Seksyon 3. Paano kumuha ng pangangalaga

---

## Sensitibong pangangalaga

**Mga serbisyo sa pahintulot para sa menor-de-edad**

Maaari mo lamang makuha ang mga sumusunod na serbisyo nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga kung ikaw ay 12 taong gulang o mas matanda:

- Outpatient na pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan para sa (mga menor-de-edad na 12 taong gulang o mas matanda):
  - Seksuwal na pagsalakay (walang mas mababang limitasyon sa edad)
  - Incest
  - Pisikal na pagsalakay
  - Pag-abuso sa bata
  - Kapag naiisip mong saktan ang iyong sarili o ang iba (mga menor-de-edad na 12 taong gulang o mas matanda)
- Pagpigil/pagsusuri/paggamot ng HIV/AIDS
- Pagpigil/pagsusuri/paggamot sa mga impeksyon na naipapasa sa sekswal na paraan
- Paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap (mga menor-de-edad na 12 taong gulang o mas matanda). Para sa dagdag na impormasyon tingnan ang “Paggamot sa karamdaman sa paggamit ng sangkap” sa handbook na ito.

Kung ikaw ay mas bata sa 18 taong gulang, maaari kang pumunta sa isang doktor nang walang pahintulot mula sa iyong mga magulang o tagapag-alaga para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Pagbubuntis
- Pagpaplano ng pamilya/pamigil sa pagbubuntis
- Mga serbisyo sa pagpapalaglag

Para sa pagsusuri sa pagbubuntis, mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya, pamigil sa pagbubuntis, o mga serbisyo sa impeksyon na naipapasa sa sekswal na paraan, ang doktor o klinika ay hindi kailangang bahagi ng network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Puwede mong piliin ang sinumang tagapagbigay ng serbisyo ng Medi-Cal at magpatingin sa kanila para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon). Ang mga serbisyo mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network na hindi nauugnay sa sensitibong pangangalaga ay maaaring hindi saklawin. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinika na nagbibigay ng mga serbisyong ito, o para sa tulong sa pagpunta sa mga serbisyong ito (kabilang ang transportasyon), maaari kang tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Maaaring makausap ng mga menor-de-edad ang isang kinatawan nang pribado tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na Nurse line sa **1-866-270-5785**.

# Seksyon 4. Mga benepisyo at serbisyo

---

## Ang sinasaklaw ng iyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng seksyon na ito ang iyong mga sinasaklaw na serbisyo bilang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Libre ang iyong mga nasaklaw na serbisyo hangga't medikal na kinakailangan ang mga ito at ibinibigay ng isang tagapagbigay ng serbisyo na nasa loob ng network. Kailangan kang humingi sa amin ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) kung ang pangangalaga ay nasa labas ng network maliban sa mga sensitibong serbisyo, mga emerhensiya at ilang mga serbisyong pang-agarang pangangalaga. Maaaring saklawin ng iyong planong pangkalusugan ang mga medikal na kinakailangang serbisyo mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo na nasa labas ng network. Pero dapat ka munang humingi ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para rito. Ang mga serbisyo na medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan upang protektahan ang iyong buhay, iwasan ang iyong malubhang pagkakasakit o kapansanan, o binabawasan ang malubhang pananakit mula sa isang nadayagnos na sakit, karamdaman o pinsala. Para sa mga Miyembrong mas bata sa 21 taong gulang, kinabibilangan sa mga Medi-Cal na serbisyo ang pangangalaga na medikal na kinakailangan upang ayusin o tumulong na mapawi ang pisikal o mental na karamdaman o kondisyon. Para sa higit pang mga detalye sa iyong mga saklaw na serbisyo, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Nakakakuha ng dagdag na benepisyo at serbisyo ang mga Miyembrong mas bata sa 21 taong gulang. Basahin **ang Kabanata 5: Well care para sa bata at kabataan** para sa higit pang impormasyon.

Ilan sa mga mahalagang benepisyo sa kalusugan na inaalok ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay nakalista sa ibaba. Ang mga benepisyong may tala ( * ) ay maaaring nangangailangan ng paunang pag-apruba.

- Acupuncture*
- Mga malubhang serbisyo at terapiya sa kalusugan sa bahay (panandaliang paggamot)
- Mga pagbabakuna para sa nasa hustong gulang (mga iniksyon)
- Mga pagsusuri at iniksyon para sa allergy
- Mga serbisyo ng ambulansiya para sa emerhensiya
- Mga serbisyo ng anesthesiologist
- Pagpigil sa hika

- Audiology*
- Mga paggamot sa kalusugan sa pag-uugali*
- Rehabilitasyon ng puso
- *Mga serbisyong chiropractic
- Chemotherapy at Radyasyon na terapiya
- Pagtatasa ng cognitive na kalusugan
- Mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan sa komunidad
- Mga serbisyo sa dialysis/hemodialysis
- Matibay na kagamitang medikal (Durable medical equipment, DME)*
- Mga pagbisita sa emergency room
- Enteral at parenteral na nutrisyon*
- Mga pagbisita sa opisina at pagpapayo sa pagplano ng pamilya (puwede kang pumunta sa isang tagapagbigay ng serbisyo na hindi kalahok)
- Mga serbisyo ng habilitasyon at mga device*
- Mga hearing aid
- Pangangalagang pangkalusugan sa tahanan*
- Pag-aalaga sa hospisyo*
- Inpatient na pangangalagang medikal at pag-oopera*
- Lab at radiology*
- Pangmatagalang mga terapiya at serbisyo sa kalusugan sa bahay*
- Pangangalaga sa buntis at bagong panganak
- Transplant ng major na organ*
- Therapy na pantrabaho*
- Orthotics/prostheses*
- Mga supply ng ostomy at urology
- Mga serbisyo ng ospital para sa outpatient
- Mga serbisyo sa kalusugan pangkaisipan para sa outpatient
- Operasyon sa outpatient*
- Pampahupang pangangalaga*
- Mga pagbisita sa PCP
- Mga serbisyo para sa bata
- Pisikal na therapy*
- Mga serbisyo sa podiatry*
- Rehabilitasyon ng baga
- Rapid Whole Genome Sequencing
- Mga pang-rehabilitasyon na serbisyo at mga device*
- Mga serbisyo ng bihasang pangangalaga
- Mga pagbisita sa espesyalista
- Therapy sa pagsasalita*
- Mga serbisyo sa operasyon
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyo sa transgender*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo para sa paningin*
- Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng kababaihan

# Mga benepisyo ng Medi-Cal na saklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

## Mga serbisyo sa outpatient (ambulatoryo)

### Mga pagtatasa ng cognitive na kalusugan

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang taunang maikling pagtatasa sa cognitive na kalusugan para sa mga miyembrong 65 taong gulang o mas matanda at kung hindi man ay hindi karapat-dapat para sa isang katulad na pagtatasa bilang bahagi ng taunang wellness na pagbisita sa ilalim ng Programa ng Medicare. Ang isang pagtatasa sa cognitive na kalusugan ay naghahanap ng mga palatandaan ng Alzheimer's na sakit o demensya.

**Mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan sa komunidad**

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan sa komunidad (community health worker, CHW) para sa mga indibidwal kapag inirerekomenda ng isang doktor o iba pang lisensyadong practitioner upang mapigilan ang sakit, kapansanan, at mga iba pang kondisyon ng kalusugan o ang pag-progreso ng mga ito; pahabain ang buhay; at itaguyod ang kalusugang pisikal at pangkaisipan at kahusayan. Kabilang sa mga serbisyo ang:

- Edukasyong pangkalusugan upang itaguyod ang kalusugan ng indibidwal o tugunan ang mga hadlang sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang pagkontrol at pagpigil sa mga talamak na kondisyon o mga nakakahawang sakit; mga kondisyon sa kalusugang pag-uugali, perinatal, sekswal at pampa-anak, at ng bibig; kalusugan at pag-unlad ng bata; at pagpigil sa karahasan at pinsala
- Patnubay sa kalusugan, kabilang ang pagbibigay ng impormasyon, pagsasanay, mga referral o suporta upang makatulong na ma-akses ang pangangalagang pangkalusugan at kumonekta sa mga mapagkukunan ng komunidad upang ipagtaguyod ang kalusugan at paglikha ng mga plano sa pangangalaga bilang bahagi ng isang koponan ng pangangalagang pangkalusugan